



## WORD

<sup>29</sup>“At ngayon, Panginoon, pinagbabantaan nila kami. Tulungan n’yo kami na inyong mga lingkod na maging matapang sa pangangaral ng inyong salita.  
<sup>30</sup>Ipakita n’yo ang inyong kapangyarihan. Loobin n’yo na sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Jesus na inyong banal na lingkod ay mapagaling namin ang mga may sakit at makagawa kami ng mga himala at mga kamangha-manghang bagay.”<sup>31</sup>Pagkatapos nilang manalangin, nayanig ang bahay na kanilang pinagtitipunan. Silang lahat ay napuspos ng Banal na Espiritu at buong tapang na nangaral ng salita ng Diyos.

MGA GAWA 4:29-31

## WHAT

Ang takot ay isang nakakaparalisang pakiramdam na humahantong sa malalaking kawalan at napapalampas na pagkakataon. Ngunit sinasabi ng Bibliya sa atin na ang paghiling ng katapangan sa Diyos ay dumadaig ng takot tulad ng ginawa nina Pedro at Juan nang humarap sila sa matinding hamon. Pag-aralan pa nating lalo ang katapangan sa pamamagitan ng tatlong puntos na ito.

### 1 Kailangan ang tapang kapag ipapangaral natin ang tungkol sa Diyos at sa Kanyang kaharian.

“At ngayon, Panginoon, pinagbabantaan nila kami. Tulungan n’yo kami na inyong mga lingkod na maging matapang sa pangangaral ng inyong salita.” MGA GAWA 4:29

Ang mga naunang mananampalataya ay hindi humiling na baguhin ng Diyos ang kanilang kalagayan. Nakita nila ito bilang pagkakataon upang ibahagi si Kristo at ang ebanghelyo at sa halip ay humiling sila ng katapangan. Bilang mga tagasunod ni Jesus, kailangan nating matanto na ang oposisyon ay laging nandiyan at kailangan nating tumingin kay Jesus na tiniis ang lahat ng ito para sa atin (Hebreo 12:3). Papaano tayo natutulungan nito na maging matapang?

### 2 Ang tapang ay mahihiling sa pamamagitan ng pananalangin.

“Ipakita n’yo ang inyong kapangyarihan. Loobin n’yo na sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Jesus na inyong banal na lingkod ay mapagaling namin ang mga may sakit at makagawa kami ng mga himala at mga kamangha-manghang bagay.” MGA GAWA 4:30

Ang naunang simbahan ay nanalangin para sa katapangan nang may pananampalataya (Filipos 4:6; Mateo 7:7). Kapag gumalaw ang Diyos para sa atin ayon sa Kanyang pangako (Marcos 16:15-18), napapatunayan ang ating mensahe. Kapag napagtanto natin na ito’y hindi tungkol sa atin kundi tungkol kay Jesus at sa Kanyang ebanghelyo, bakit tayo malayang makakahiling ng katapangan upang ibahagi ang Salita?

### 3 Ang tapang ay nagmumula sa Banal na Espiritu.

Pagkatapos nilang manalangin, nayanig ang bahay na kanilang pinagtitipunan. Silang lahat ay napuspos ng Banal na Espiritu at buong tapang na nangaral ng salita ng Diyos. MGA GAWA 4:31

Pagkatapos manalangin, ang lugar na kanilang pinagtitipunan ay nayanig at ang mga disipulo ay napuspos ng Banal na Espiritu at naging matapang upang magbahagi ng ebanghelyo. Ang tunay at tumatagal na tapang ay hindi galing sa mga armas, yaman, o makamundong kapangyarihan—ito’y nanggagaling sa Diyos! Ano ang sinasabi ng Bibliya sa kung papaano natin magagawa ang gawain ng Diyos (Zacarias 4:6)?